# HPV at ang Pagbabakuna ng HPV: Ano ang Dapat Malaman ng Bawat Magulang

## ANO ANG HPV?

Ang Human papillomavirus o HPV ay napakakaraniwang virus kung kaya 8 sa 10 katao ang nagkakaroon nito sa kanilang yugto ng buhay. Ang ilang impeksyon ng HPV ay pwedeng humantong sa cancer sa bandang huli ng kanilang buhay.




**Tinatayang mga 37,000 kaso ng cancer na idinulot ng HPV sa kalalakihan at kababaihan taon-taon sa U.S. - na kaseng dami ng average na dumadalo sa malaking liga ng larong baseball!**

Tanging cancer sa cirvix, na isa sa mga cancer na sanhi ng HPV, ang kayang ma-detect nang maaga gamit ang Pap test. Ang ibang mga cancer na sanhi ng HPV (mga cancer sa lalamunan, ari, o puwet) ay maaaring hindi ma-detect hanggang sa mas maging malubha na ito. Pinipigilan ng pagpapabakuna sa HPV ang pagkahawa na nagiging sanhi ng mga cancer na ito.

## Paano ko mapoprotektahan ang aking anak mula sa HPV?

Kayang pigilan ng pagpapabakuna sa HPV ang mahigit 90% ng mga cancer na sanhi ng HPV. Napakaligtas ng mga bakuna sa HPV, at ipinapakita ng sayantipikong pananaliksin na ang mga benepisyo ng pagpapabakuna sa HPV ay mas marami kumpara sa mga potensyal na panganib. Sa mahigit 135 milyong dosis na naipamigay sa U.S. simula noong 2006, mayroong mahabang rekord ng pagiging ligtas ang bakuna sa HPV na sinusuportahan ng mahigit 15 taon ng pagsubaybay. Banayad lamang ang karaniwang mga side effect nito at bumubuti sa loob ng isa o dalawang araw. Kabilang sa mga ito ang pananakit, pamumula, o pamamaga sa pinagturukan, katulad din ng iba pang mga bakuna.




**Napakabisa ng bakuna sa HPV. Simula pa noong unang irekumenda ang pagpapabakuna sa HPV noong 2006, bumaba nang 88% sa mga batang babae ang mga impeksyon ng mga uri ng HPV na sanhi ng halos lahat ng cancer sa HPV at 81% na pagbaba sa mga nakababatang adultong kababaihan.**

Inirerekumenda ng federal Advisory Committee on Immunization Practices, ng American Academy of Pediatrics, at ng American Academy of Family Physicians ang pagpapabakuna laban sa HPV. Inirerekumenda rin ito ng American Cancer Society at ng Cancer Prevention Act ng California.

# HPV at ang Pagbabakuna ng HPV: Ano ang Dapat Malaman ng Bawat Magulang

## Sino ang dapat magpabakuna at kailan sila dapat tumanggap nito?



**Dahil mas mabisa ang bakuna kapag ibinigay ito sa murang edad, inirerekumenda ang dalawang dosis ng bakuna sa HPV sa lahat ng bata na nasa pagitan ng 9 hanggang 12 taon taong gulang, at dapat ibigay ang ikalawang dosis bago magsimula sa ika-8 grado.**

(Ang mga bata na naghihintay pa ng ilang panahon bago matanggap ang kanilang unang dosis ng bakuna sa HPV ay malamang na mangailangan ng tatlong dosis.) Madalas na ibinibigay ang bakuna sa HPV kasabay ng iba pang mga bakuna para sa nagdadalaga/nagbibinata, tulad ng Tdap upang pigilan ang pagdalahit ng ubo at ang bakuna sa meningococcal upang pigilan ang bacterial na meningitis.

## Saan ako makakakuha ng bakuna sa HPV para sa aking anak?

Magtanong sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, pharmacist, o lokal na kagawarang pangkalusugan upang makaalam pa nang higit tungkol sa bakuna sa HPV at kung saan ito makukuha. Ang bakuna ay sinasaklaw ng karamihan ng health insurance plan. Kung wala kang health insurance, makakakuha pa rin ng bakuna ang inyong anak. Nag-aalok ang Programang Bakuna para sa mga Bata (Vaccines for Children, VFC) ng mga libreng bakuna sa mga batang hanggang 18 taong gulang nang walang insurance o ang insurance ay hindi sumasaklaw sa gastos sa mga bakuna.

Magtanong sa inyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o sa lokal na kagawarang pangkalusugan tungkol sa VFC. Humanap ng mga doktor na nakikibahagi sa VFC sa inyong lugar.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa HPV, sa bakuna, at sa pag-iwas sa cancer, bisitahin ang Centers for Disease Control and Prevention.